Australian Government
Department of Immigration and Citizenship

Matutulungan namin kayong matuto ng Ingles

Programa ng Ingles para sa Migranteng nasa Hustong Gulang

Bakit dapat akong matuto ng Ingles?

Ngayong nasa Australia ka na, mahalaga na matuto ka ng Ingles.

Ingles ang pambansang wika ng Australia. Maraming wika ang ginagamit ng mga tao sa Australia, ngunit upang ganap na makilahok sa buhay sa Australia, kakailanganin mong makapagsalita at makaunawa ng Ingles. Kung walang Ingles, mahihirapan kang makahanap ng trabaho at mamuhay nang nag-iisa. Kailangan din ang Ingles kung nais mong maging mamamayan ng Australia.

Ano ang Programa ng Ingles para sa Migranteng nasa Hustong Gulang?

Nagbibigay ang programa, na kilala rin bilang AMEP, ng batayang matrikula sa wikang Ingles upang tulungan ang karapat-dapat na mga migrante at refugee na nasa hustong gulang na manatili sa Australia nang matagumpay.

Tuturuan ka ng AMEP nang higit pa sa Ingles. Matututo ka rin ng tungkol sa lipunan, kultura at kagawian ng Australia. Makakasalamuha mo ang iba pang mga bagong dating, na maaaring may katulad na mga karanasan at layunin, at malamang na magkaroon ka ng maraming bagong kaibigan.

Ang AMEP ay isang programang pinopondahan ng Pamahalaan ng Australia

Karapat-dapat ba ako para sa programa?

Maaari kang maging karapat-dapat kung isa kang migrante o refugee na naninirahan sa Australia at nabigyan ng permanenteng visa at ikaw ay nagsasalita ng kaunti o walang Ingles. Ang ilang mga migrante na may pansamantalang mga visa ay maaari ding maging karapat-dapat na makalahok sa programa at ang ilang kabataan na may edad na nasa pagitan ng 15 at 17 taon ay maaari ding makalahok sa programa.

Kailangan mong magparehistro sa isa sa mga provider ng serbisyo ng AMEP sa loob ng anim na buwan ng pagdating sa Australia o pagiging permanenteng residente. Dapat kang magsimula ng mga klase sa Ingles sa loob ng isang taon.

Maaari kang mag-aral ng Ingles sa AMEP nang hanggang sa 510 oras ng kurso ng Ingles para sa limang taon mula sa petsa ng pagsisimula ng visa o sa bilang ng mga oras na kailangan upang makamit ang Ingles na magagamit sa pakikipag-usap (kung ano man ang mauna).

Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa karagdagang matrikula kung mayroon kang espesyal na mga pangangailangan dahil sa mahirap na karanasan bago mangibang bansa (halimbawa, pagpapahirap at trauma) o limitadong pag-aaral.

Bilang karagdagan, makakakuha ng karagdagang matrikula ang mga kliyente ng AMEP sa pamamagitan ng Programa ng Suportang Pangwika Tungo sa Pagtatrabaho at Pagsasanay (Settlement Language Pathways to Employment and Training o SLPET). Nag-aalok sa mga kliyente ang SLPET ng kursong nakatuon sa pagtatrabaho upang matulungan sila na matuto ng Ingles na tukoy sa bokasyonal habang nasasanay sa kultura at mga kagawian sa lugar na pinagtatrabahuhan sa Australia.

Magkano ang bayad sa programa?

Walang sisingilin sa karamihang tao na karapat-dapat na mag-aral sa pamamagitan ng programa.

Sino ang magtuturo sa akin?

Ang mga lokal na samahan, na kung tawagin ay mga provider ng serbisyo, ang nag-aalok ng matrikula ng AMEP. Ang mga provider ng serbisyong ito ay nag-eempleyo ng mga guro na sanay sa pagtuturo ng Ingles sa mga nagsasalita ng ibang mga wika.

Sasabihan ka ng iyong lokal na provider ng serbisyo kung karapat-dapat ka o hindi para sa programa. Maaari nilang irekomenda ang pinakamainam na paraan upang matuto ka ng Ingles.

Maaari nilang hingin ang pag-apruba para sa iyo upang maipagpaliban mo ang pagsisimula ng iyong mga klase kung kailangan mo para sa mga kadahilanang pampamilya o pantrabaho.

Aabisuhan ka ng iyong provider ng serbisyo kung anong kurso ang pinakaakma para sa iyong mga pangangailangan. Gagawin nila ito batay sa kalagayan ng iyong trabaho at pamilya, at ng kasalukuyang antas ng iyong kaalaman sa Ingles. Maaari ka rin nilang tulungan sa pagpaplano para sa karagdagang pag-aaral.

Sino ang mangangalaga sa aking mga anak habang nag-aaral ako ng Ingles?

Maaaring isaayos ng iyong provider ng serbisyo ng AMEP ang libreng pangangalaga para sa iyong mga anak habang dumadalo ka sa klase. Ang libreng pangangalaga sa bata ay inaalok lamang para sa mga batang nasa edad na hindi pa maaaring mag-aral at sa oras lamang ng iyong pagdalo sa klase.

Para sa higit pang impormasyon, humingi ng fact sheet ng pangangalaga sa bata sa centre ng AMEP.

Saan ako mag-aaral?

Nag-aalok ang mga provider ng serbisyo ng mga kursong full-time at part-time sa iba't ibang oras (sa mga araw, gabi at weekend) at sa iba't ibang lugar kasama ang mga paaralan, kolehiyo at center ng komunidad gaya ng mga simbahan at moske.

Nag-aalok ang mga provider ng serbisyo ng mga kurso sa mga kanayunan at pangrehiyong lugar, pati na rin sa mga pangunahing lungsod.

Paano kung hindi ako makadalo sa mga klase?

Malayuang pag-aaral

May programa para sa malayuang pag-aaral ang AMEP. Maaaring mabigyan ka ng iyong provider ng serbisyo ng AMEP ng higit pang impormasyon at payo sa kursong ito.

Inihahatid ang programa sa alinman sa online o sa pamamagitan ng pakete ng magkakasunud-sunod na materyal na teksto at audiovisual, at kinabibilangan ng paggamit ng mga aklat at materyal na audiovisual. Magkakaroon ka rin ng regular na pakikipag-ugnay sa isang kwalipikadong guro sa pamamagitan ng telepono. Kailangan mong paglaanan ang kurso nang hindi bababa sa limang oras bawat linggo.

Kasama sa mga aralin at gawain ang pakikinig sa radyo, pagbabasa ng mga dyaryo at anunsyo, pagkukuwento tungkol sa iyong sarili, paghingi ng impormasyon, pagpuno sa mga form at paggawa ng mga sulat.

Scheme ng Tutor sa Bahay

Kung karapat-dapat ka sa AMEP at hindi magawang makalahok sa mga klase, maaari kang makipagtulungan sa isang tutor sa bahay.

Maaaring talakayin ng tutor ang pinakamahusay na paraan upang matuto ka ng Ingles at matulungan kang unawain ang pang-araw-araw na buhay sa Australia.

Maaaring mabigyan ka ng iyong provider ng serbisyo ng AMEP ng higit pang impormasyon at payo sa scheme na ito.

Bago mag-umpisa ng mga klase ng AMEP

Bago mag-umpisa ng mga klase ng AMEP, kakailanganin mong makipagkita sa iyong centre ng AMEP upang:

- tasahin ang antas ng iyong kaalaman sa Ingles
- mapagkasunduan ang bilang ng oras na iyong ilalaan sa pag-aaral bawat linggo at ang uri ng klase na iyong dadaluhan
- talakayin ang mga pangangailangan ng pangangalaga sa bata at kung anong magagawa ng centre ng AMEP upang matulungan ka
- gumawa ng pang-indibidwal na gabay ng landas na magtatakda ng iyong mga layuning pang-edukasyon at pangkarera, at kung ano ang kakailanganin mo upang magawa at makamit ang mga ito. Ang iyong pagsulong sa pagkamit ng iyong mga layunin ay itatala sa iyong plano habang ikaw ay higit na natututo ng Ingles.

Higit pang impormasyon

Para sa higit pang impormasyon, maaari kang tumawag sa linya ng enquiry ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan sa 131 881 (para sa halaga ng lokal na tawag mula saanmang lugar sa Australia).

Ang impormasyon tungkol sa AMEP, kasama ang pinakamalapit na provider ng serbisyo sa iyo, ay makikita sa www.immi.gov.au/amep

Kung kailangan mong tulong sa pag-iinterpret, makipag-ugnay sa Pambansang Serbisyo ng Pagsasalin at Pag-iinterprete (Translating and Interpreting Service o TIS) sa 131 450 (sa halaga ng lokal na tawag mula saanmang lugar sa Australia). Nagbibigay sila ng serbisyo ng pagsasalin at pag-i-interpret 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo.